# Napapanahon at Wala sa Panahon

## (Serye sa 4 na Himala)

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez, Elder-Founder
Abril 6, 2024

Bahagi ng ating buhay ang mga bagyong dumarating. Dumarating ang mga ito nang walang babala. Hindi nila iginagalang o kinikilala ang estado ng buhay ng tao. Katulad nito, ang "bagyo" o problema at pagsubok ay hindi maiiwasan at ang mga ito ay nakaka-*stress*. Kapag pinapahintulutan ng Diyos na makaranas tayo ng iba't ibang uri ng bagyo, hindi Niya hangad na pahirapan tayo; kundi, gusto Niya tayong matuto. Dagdag pa nito, gaano man kalakas ang bagyo, kasama natin Siya at pinapatahimik Niya ang bagyo.

**Nakaranas ng dalawang bagyo ang mga alagad kasama si Hesus:**

**1. Lumakad si Hesus sa ibabaw ng tubig (Mateo 14:22-33).** Agad pinasakay ni Hesus sa bangka ang Kanyang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo. Pagka-alis ng mga ito, umahon Siya sa burol upang manalangin. Nang ang bangka ay hinahampas ng malalakas na alon at hangin, dumating si Hesus patungo sa kanila, naglalakad sa ibabaw ng tubig.

1.1. **MALAYO si Hesus sa mga alagad**. Kahit Siya ay malayo, nananalangin Siya para sa kanila. Manalig tayong lagi natin Siyang kasama. Maniwala tayo "*Yahweh, alam ko nandiyan Ka, nakatayo sa aking tabi.*"

1.2. **ALAM ni Hesus ang ating pinagdadaanan**. Hindi nakalalampas sa Kanya ang ating bagyo. Kapag dumarating ang pagsubok, manalig lamang tayo. Mga pangako Niya ang nagpapalakas sa atin.

1.3. **KASAMA natin Siya sa panahon ng bagyo, at tumatahimik ang hangin.** Nagpapakita si Hesus sa ating buhay, at tumitigil ang hampas ng bagyo.

2. **Nakahilig sa unan na natutulog si Hesus sa hulihan ng bangka dahil sa pagod (Marcos 4:35-41)**. Ginising Siya ng mga alagad dahil sila ay natatakot sa malalakas na alon at hangin.

2.1. "Tigil! Tumahimik ka." Sinaway ni Hesus ang hangin, at agad huminto ito. Kapansin-pansin na ang mga alagad ay sumusunod sa Kanya at nasaksihan nila ang mga kamangha-manghang gawa Niya; gayunpaman, kulang ang kanilang pananampalataya. Sa panahon ng bagyo, isa lamang ang ating hiling: "*Panginoon, iligtas mo ako.*"

**2.2. Panahon ng mga bagyo.** Dumarating ang mga bagyo pagkatapos ng isang kamangha-manghang himala. Tulad din ito sa ating buhay. Pinupunterya ni Satanas ang lahat na sumusunod sa Diyos. Kung ang ating kondisyon ay nasa pinaka-mataas, inaatake at hinihila tayo ni satanas pababa. Kung tayo ay mabuti (nakapagdadala tayo ng mga tao sa Diyos, naglilingkod nang maayos o nabigyan ng malaking responsibilidad), tayo ay madaling ma-atake ni satanas. Kaya, dapat mag-ingat tayo.

**2.3. Ang gulo sa mga bagyo**. Hindi natin kayang pigilan ang lakas, direksyon, tagal ng bagyo. Ang Diyos lamang ang may kontrol. Natutuwa ang Diyos kapag nakikita Niya tayong nananalig sa Kanya sa gitna ng pagsubok. Hindi Niya tayo bibigyan ng hindi natin kaya. Sumasagot Siya sa ika-11 na oras.

**2.4. Panahon ng Pagsubok (Marcos 4: 45-52**). Iniisip ng mga alagad na ang bagyo ay wala sa panahon. Pinilit sila ni Hesus na muling bumalik sa bangka. Mahaba at mabibigat na pagsubok ang pinagdaanan nila dahil inihahanda sila ng Panginoon na maging pinuno ng simbahan. Katulad nito, susubukan din ng Diyos ang ating pagkatao. Gusto Niya tayong maging perpekto, malakas at matatag.

**3. Maraming aral mula sa mga bagyo**:

3.1. Hindi nananalangin ang mga alagad. Bumagsak sila sa pagsubok. Hindi nila inisip at binalikang muli ang pag-uusap nila kay Hesus.

3.2. Ang mga bagyo ay nagbibigay sa atin ng oportunidad na magbago at lumago.

3.3. Pinaglalapit tayo sa bawat isa. Maaari nating ibahagi ang natutunan natin sa kapwa.

3.4. Kapag ginagamit tayo ng Diyos, pagkakataon ang mga ito para maluwalhati Siya.

**Konklusyon**: Siguradong may darating na mga bagyo. Gayunpaman, manalig tayong mayroon tayong Tagapagligtas na nagbibigay ng kapayaan at magtataas ng ating pang-unawa.

**Pagninilay**: Ano ang napansin mo habang may bagyo? Ano ang natutunan mo sa mga bagyo mo?

**Scribes Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
website:https://lordsflock.org/digests
Tags:#Pananampalataya#Pagsubok